

「Kurso sa pagsasanay para sa mga Tagapag-salin wika sa pamayanan na ang wika ay Tagalog」 Sumali na!

May naninirahang mahigit sa dalawanpu't libong Pilipino ang naninirahan sa loob ng prepektura ng Kanagawa. Dumarami ang nangangailangan ng mga Tagapag-salin wika sa mga lugar tulad ng Munisipyo, Hospital, at mga Eskwelahan. Ngunit dahil sa kakulangan ng bilang ng mga tagapag-salin wika, sa kasawiang-palad tinatanggi ang ilan sa mga ito.

Sa mga Pilipinong mamayan ng prepektura ng Kanagawa, na naninirahan na ng ilang taon sa bansang Hapon, ang ilan sa inyo ay may lubos na kasanayan sa pagsasalita ng wikang Hapon. Maaring napaghirapan na rin kayo ng tulong ng inyong mga kakilala upang tulungan sila sa pagsalin-wika. Ang Gabay sa Iba't-ibang Wika ng Kanagawa ay nagtataguyod ng kurso sa pagsasanay upang makamit ang maayos at mahusay na pagsasalin-wika na magagamit ninyo sa mga aktibidad sa inyong komunidad.

Sa mga taong may interes sa pagsalin-wika sumali na. Libre ang pakikilahok. Walang bayad.

Araw at Oras:

Ika-1 araw Marso 11, 2017 (Sabado) 13:00-16:00

Ika-2 araw Marso 18, 2017 (Sabado) 13:00-16:00

Detalye ng paglahok:

Para sa mga mamamayan ng Kanagawa na ang wika ay Tagalog. Mga kasapi sa aktibidad ng Tagapag-salin wika sa kanilang komunidad o may mataas na interes sa pagsalin-wika. Limitado sa 15katao.

Lugar: Kanagawa Kenmin Center 12F Dai-ichi kaigi shitsu(第一会議室) 4minutong lakad mula sa Yokohama sta.

Nilalaman ng Kurso:

Ika-1 araw Pagsasalin-wika sa HelloWork

(1)Tungkulin ng HelloWork (2) Pamamaraan sa Pagsasalin

(3)Role Play, Pagsasanay sa pagsalin-wika

Paksa : ① Pagtanggap ng Benepisyo sa kawalang-trabaho ② Paghahanap ng trabaho

Ika-2 araw Pagsasalin-wika sa Pagsuporta sa pangangalaga ng bata

(1)Kinakailangan proseso ukol sa Panganganak at Pagpapalaki ng bata sa Japan

(2) Mga karanasan ng mga Tagapagsalin-wika

(3) Role Play, Pagsasanay sa pagsalin-wika

Paksa: ① Pakikipag ugnayan sa mga Public Health Nurse

② Pakikipag ugnayan sa mga tanggapan ng pamahalaan.